# EPA 2023 RED HILL CONSENT ORDER

| | | |
|---|---|---|
| Community Representation Initiative | Maintenance ng Pasilidad at Release detection | Defueling |
| Pagsasara ng Pasilidad | Proteksyon sa iniinom na tubig | |

## Defueling




Ang Consent Order ay nangangailangan ng ligtas at nas aoras na defueling ng lahat ng mga tangke sa Red Hill Bulk Storage Facility.

## Closure



Ang Consent Order ay nagtatatag ng proseso at mga hakbang para sa ligtas na pagsasara ng Red Hill.

## Iniinom na Tubig



- Siguraduhing nababantayan ang kalidad ng tubig sa Red Hill shaft at sa lahat ng Joint Base Pearl Harbor-Hickam (JBPHH) na lugar kung nasaan ang well (balon).
- Magpatupad ng pangmatagalang plano sa pagbabantay sa iniinom na tubig.
- Magsagawang malawakang mga assessment sa imprastraktura at mga pagpapahusay sa JBPHH Drinking Water System.

# EPA Red Hill 2023 Consent Order Mga Madalas na Katanungan

**Kailanmagkakabisa ang 2023 Consent ORder, at ano ang gagawin nito?**

Ang 2023 Consent Order ay may bisa na. Ang Order ay lumilikha ng isang detalyadong plano para sa kailangang matapos na gawain ng Navy at ng Defense Logistics Agency (DLA) para ligtas na ma-defuel (maalis ang fuel) at isara ang Red Hill facility at para matiyak ang proteksyon sa iniinom na tubig.

**Ano ang mga requirement sa defueling sa 2023 Consent Order?**

Alinsunod sa Defueling Plan Supplement 2, ang Navy at DLA ay susunod sa isang naaprubahan ng EPA na defueling schedule para:

1. Makasali sa mga emergency spill drill at may na-update na spill response plan na nakatalaga bago ang defueling.
2. Makapagsagawa ng mga kinakailangang pag-aayos at patotohanan sa ikatlong panig ang mga kinakailangang pag-aayos bago ang defueling.
3. Alisin ang laman ng mga tangke ng Red Hill,
4. I-defuel ang dinadaluyan na ilalim ng tangke,
5. Alisin ang fuel mula sa mga tubo ng Red Hill, at
6. Ibahin ang lokasyon ng fuel sa iba't ibang mga lokasyon.

Kakailanganin ng iba pang defueling plan supplement para maalis ang anumang natitirang fuel na nasa system.

**Ano ang mga requirement sa pagsasara sa 2023 Consent Order?**

Ang 2023 Consent Order ay kumikilala sa dalawang yugto para sa pagsasara. Para sa Phase 1 na Pagsasara, ang Navy at DLA ay dapat magsumite ng mga ulat ng pagsasara sa loob ng 30 araw kapag ang isa o higit pang mga 20 UST, tubo o surge tank ay isinara. Ang Phase 2 na Pagsasaraw ay maaaring matugunan sa ilalim ng 2023 Consent Order o sa Red Hill Administrative Order on Consent o iba pang naaprubahan ng EPA na pamamaraan ng pagpapatupad.

**Ano ang mga pangunahing pagbabago sa naganap sa 2023 Consent Order makalipas ang panahon ng pagbibigay komento ng publiko?**

Aming tinasa ang lahat ng 1700 mga komento ng publiko. Ang Sagot sa Mga Komento ay matatagpuan sa: www.epa.gov/red-hill/red-hill-2023-consent-order

- Ang mga requirement para matugunan ang mga huling takdang arawa sa defueling at mga milestone sa Defueling Plan Supplement 2.
- Pagbubuo ng Community Representation Initiative.
- Pinahusay ang pagiging bahagi ng publiko sa mga desisyon na may kaugnayan sa defueling at pagsasaraw ng Red Hill Tanks at mga epekto sa iniinom na tubig.
- Isang pananagutan para makahanap ng dagdag na inpit mula sa mga eksperto sa paksang ito kasama na ang Honolulu Board of Water Supply.
- Pagkikilala sa kahulugan ng tubig ayon sa kultura sa mga Katutubong Hawaiian at mga residente ng Hawaiʻi at pananagutan na maghanap ng lokal na input sa proseso ng pagdedesisyon..
- Dagdag na requirement sa spill reporting para matiyak na nauulat ng Navy at DLA ang anumang pagtapon (spill) na maaaring maging agad na banta sa kalusugan ng tao o ng kapaligiran sa Community Representation Initiative at sa publiko sa pamamagitan ng pag-post sa website ng Navy sa loob ng 24 oras.

**Paano ko lubos na malalaman ang mga nangyayari?**

Ang EPA ay namumuno ng kalenderasyo ng mga kaganapan upang makakuha ng impormasyon ang publiko sa mga darating na event.
www.epa.gov/red-hill/red-hill-public-events-calendar

Lubos pang matutunan ang tungkol sa pagiging bahagi ng Red Hill ng EPA:
www.epa.gov/red-hill